# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA IV
# Yunit IV
# Modyul Blg. 19

## Ano Ang Iyong Minamahalaga?

## I. Ano ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Sa mga naunang modyul ay natukalasan mo ang kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang mga nilikha. Nakita mo na ba ang kabuuan ng ating bansa?

Marahil ang iba ay nagawa ng malibot ang buong bansa natin subalit para sa mga hindi pa, sigurado namang nabasa at napanood mo na ang kagandahan ng ating bayan. Maaaring nagkwento ang iyong lolo at lola tungkol sa pinagmulan ng inyong lugar. Marahil ay sinasabi nilang ito ay dating gubat na puno ng mga puno at halaman. Wala pang mga tulay at sementadong daan. Ang prutas ay maaari mong pitasin habang ikaw at naglalakad sa parang. Malalaman mo rin kung bakit ang inyong lugar ay pinangalanang "tungkong mangga" dahil dati ay marami ditong puno ng mangga. May magkukuwento rin sa iyong matatanda na ang maaari mong sakyan ay ang inyong kalabaw na ginagamit din sa pagsasaka ng kanilang bukid.

Ngayon, pagmasdan mo ang iyong kapaligiran. Ano ang nakikita mong kaibahan sa mga nakita, nabasa at narinig mo tungkol sa dati nitong itsura. Nasisiyahan ka ba? Bakit? Sa modyul na ito ay magkakaroon ka ng pagkakataong isipin ang maaari mong magawa upang hindi mo man maibalik ang dating malinis na hangin at malinis na kapaligiran ay makakagawa ka ng paraan upang makabuo ng kongkretong solusyon sa mga isyu tungkol sa kapaligiran.

Pagkatapos ng modyul na ito, inaasahang matutuhan mo ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga:

*LC 4.7 Nakababahagi ng kongkretong solusyon sa mga isyu ukol sa kapaligiran*

A. Nasusuri ang epekto sa moralidad ng tao ng mga isyu ukol sa kapaligiran
B. Natutukoy ang mga gawaing nakasisira sa kapaligiran at ang nagiging bunga ng mga ito
C. Napahahalagahan ang pangangalaga ng kalikasan sa pamamagitan ng simpleng pamumuhay

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga IV kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa kuwaderno ng Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago mo simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka Na Ba?

Piliin ang titik ng tamang sagot mula sa Hanay B.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Piling pagputol ng mga puno | A. Total log ban |
| 2. Pangkalahatang pag-iinit ng temperatura ng mundo | B. Environmentalist |
| | C. Selective Log ban |
| 3. Pagiging mapagmahal sa bayan | D. Global Warming |
| 4. Lubusang pagtigil sa pagputol ng puno | E. Reforestration |
| 5. Ipinagbabawal ang pangingisda | F. Erosion |
| 6. Dito nangingitlog ang mga isda | G. Ozone Layer |
| 7. Pagguho ng lupa | H. Coral reef |
| 8. Sanhi ng pagkasira ng kalikasan | I. Kasakiman |
| 9. Muling pagtatanim ng mga puno | J. Naturalist |
| 10. Pananggalang ng daigdig sa Ultraviolet rays | K. Dynamite Fishing |

## II. Tuklasin Mo

### Gawain Blg. I

At Nagsalita Ang Kalikasan

Sa pamamagitan ng mga drawing sa ibaba ng kalikasan ay bigyan ng buhay ito. Ipagpalagay na nag-uusap ang bawat bahagi ng kalikasan sa larawan, anu-ano ang magiging usapan nila at sasabihin. Isulat sa *speech bubbles* ang mga dayalogo nila ukol sa kanilang kasalukuyang kalagayan.

### Sagutin Mo

1. Naibigan mo ba ang mga larawan? Bakit?
2. Ano ang mensahe ng mga larawan?
3. Anu-anong mga damdamin ang nailagay mo sa usapan ng kalikasan? Ipaliwanag ang mga ito.
4. Kung ikaw ay isa sa kanila, ganito rin ba ang iyong magiging damdamin? Bakit?

## Gawain Blg. 2

Pag-aralan ang *consequence map* na nasa ibaba. Makikita rito ang mga kahihinatnan ng bawat gawain. Ang bawat gawain ay nakalagay sa kahon. Itinuturo ng arrow sanga-sangang bunga ng bawat gawaing nakasasisira sa kapaligiran. Mula sa mga arrow ay makikita ng kahinatnan ng bawat gawain.

Pagkatapos mamag-aralan ang *consequence map* ay punan ang tsart na nasa ibaba.

| Mga Gawaing Nakasisira ng Kapaligiran | Bunga ng mga Gawaing Nakasisira ng Kapaligiran | Kahihinatnan ng mga Gawaing Nakasisira ng Kapaligiran |
|---|---|---|
| | | |

## Sagutin Mo


1. Ano ang iyong naramdaman habang tinutunton mo ang kahihinatnan ng bawat gawain?
2. Napansin mo bang ang bawat gawain ay magbubunga ng iba't ibang pinsala na nagkakaroon ng iba't ibang kahihinatnan?
3. Anu-ano ang iyong mga gawaing nagiging sanhi ng pagkasira ng ating kapaligiran?

## Gawain Blg. 3

### Sagutin Mo:

## IV. Ano ang Iyong Natuklasan?

Ipagpalagay na ang nakadrowing sa ibaba ay ang ating mundo. Isulat mo sa bawat bahagi nito ang mga konseptong iyong natutunan mula sa aralin.



## V. Pagpapatibay

Kapag ang tao ay kaaya-ayan tingnan, magaan ang ating pakiramdam. Ganito rin ang mundo. Kapag ang mga tanawin ay maaliwalas, mayroong mga puno at halaman, magaan ang pakiramdam. Subalit kung marumi at magulo ang kapaligiran, mabigat ang ating damdamin.

Tandaan ang mga sumusunod na prinsipyo ng pagsagip ng kalikasan.

1. **Bawat buhay ay sagrado**. Ang Diyos ang maylikha ng lahat ng bagay. Siya ang pasimula ang lahat.
2. **Lahat ng bagay ay magkakaugnay**. Ikaw ay bahagi ng hindi mapapatid na pagkakaugnay na ito. Kapag ginalaw mo ang isang bagay, ang lahat ng nakakabit dito ay maaapektuhan.
3. **Bawat isa ay may responsiblidad na pangalagaan ang kalikasan**. Mula sa habilin ng Diyos kina Adan at Eba, ang tao ay katiwala ng Diyos sa kanyang mga nilikha. Siya ang may kakayahan, isip at kaloban na gawin ang gawain.
4. **Ang buhay pangkalikasan ay hindi dapat ipakipagsapalaran**. Ang lahat ng uri ng naninirahan dito ay kailangang manatili sa sapat na antas ng pamumuhay at pagpaparami.
5. **Pagpapahalaga sa katutubong kaalaman, batas at kasayasayan**. Ang konserbasyon at tamang pamamalakad ng pinagkukunang yaman ay dapat pag

## VI. Pagnilayan at Isabuhay Mo

## VIII. Sanggunian

## Susi sa Pagwawasto